ENTRY

# Quiapo

Joshua Morante

Walang tiyak na numerong makapagsasabing tumatanda na ang isang tao. Ang mayroon lamang ay isang abstraktong bagay. Isang kaganapan. Kapag ang isang tao'y nagsimula nang gawin ang mga bagay na hindi niya gusto, at kapag nilimutan niya na ang ilang mga bagay, at sinimulan nang gawin pati ang mga bagay na nakasasakit sa kaniya, dito, nagsisimula nang matiyak ang reyalidad. Tumatanda na nga siya.

*Anong ginagawa mo sa buhay mo Joshua?*

Paminsan-minsan, may lumilitaw na mga bagay na pamilyar sa isip, mga bagay na hindi malinaw ang hitsura, mga bagay na malabo ang pigura, mga bagay na magulo, tulad ng mga tunog, mga salita, mga tinig.

*Anong ginagawa mo Joshua?*

Nariyan na naman siya—ang mga boses, nagpaparamdam. Madalas ang ganito, tuwing susubukan nang patayin ang ilaw para magpahinga, at itatalukbong na ang kumot sa buong katawan, may maririnig akong mga boses, madalas, hanggang maging paminsan-minsan, pero tiyak, dadalaw at dadalaw pa rin siya.

*Sigurado ka Joshua?*

--

May mga bubog daw na nakatago sa kaloob-looban ng isang tao. Tuwing natatakot, nalulungkot, nangangamba; lumalaki nang lumalaki ang mga bubog, tumatalim nang tumatalim, bumibigat nang bumibigat. Alam mo nangyari sa bubog ko? Paipon siya nang paipon, palaki nang palaki, pabigat nang pabigat, patalim nang patalim, hanggang sa kusa na siyang kumakawala. Nararamdaman ko, sumisingit siya sa bawat himaymay ng laman, kusang lumalabas, winawarat ang balat, ang palad,

sumisingit sa lagusan ng luha.  Bawat bahagi ng katawan ko, nararamdaman ko naroon siya. Sumisiksik sa utak, sa dibdib, ayaw magpahawak.

*Bakit nalulungkot ka ba… Natatakot?*

Hindi ko na alam gagawin ko. Habang nagtatago sa loob ng kumot, naririnig ko ang maraming boses, sabay-sabay nagsasalita, sinasabi sa akin "*Sigurado ka?" "Tarantado ka!" Ang bobo mo, sinayang mo lang buhay mo. Nandamay ka pa."* kaya nagtatago na lang ako sa loob ng kumot, pipikit, bubulong-bulong. "Tulungan niyo po ako… tulungan niyo na po ako. Hindi ko na kaya."

*Paano kita tutulungan?*

Hindi ko rin alam…

*Ano ba kasing ginawa mo sa Quiapo?*

Masama ba kong tao?

--

Ilang linggo na kong umiiyak. May mga pagkakataong hindi ko na mapigilan ang paglabas ng mga bubog. Pauwi galing eskuwela. Sisingit sa kalamnan ang mga bubog, magpaparamdam. Pakakatihin nito ang lagusan ng luha, hanggang sa maglabas ito ng mga di mapigilang tubig. Luluha ako. Iiyak. Habang nasa harap ng mga nagtatakang pasahero. Iaangat ko ang braso, kunwaring kumakapit sa bakal na hawakan ng dyip at ihaharang ang bisig sa mukha. Sabay ng mga pasimpleng singhot at mga pigil na singhap.

Sumisingit sa isip ko parati, ang tanga-tanga ko, sinayang ko paghihirap ng napakaraming tao para lang dito. Sa walang kakuwenta-kuwentang bagay. Naaalala ko hitsura ng Tatay ko habang pipikit-pikit na tinatanggal ang mga bula sa hinugasang pinggan. Suot ang longsleeve niyang pang-construction, inaalikabok pa ang bandang siko, kauuwi lang galing sa pinagtrabahuhan, aabutan kong kumikilos pa sa bahay, pinupunan ang puwang na naiwan ng umalis na asawa. At si Mama, kunwaring ngingiti-ngiti sa kamera ng selpon, kakaway-kaway habang nilalandi ng lalaking pinandidirihan niya, ng lalaking hindi niya gusto; at sa pagitan ng mga kaswal na pag-uusap, sasabihan siya ng lalaki ng "I love you," mapapatigil siya, titingin si Mama sa akin, pasimple, mananahimik, saka lalayo.

At siya… ang mabait at matalinong si Apol. Inis na inis ako sa sarili ko, minumura ko ang sarili tuwing naaalala. Hindi ko matanggap, nandamay pa ko ng ibang tao dahil sa kalokohan ko. Magna Cum Laude 'yun… naiisip ko na ngang natutupad niya na ang pangarap niya, nagtuturo siya sa mga bata, nabibili niya na 'yung gusto niya, ililibre niya ko, tulad ng palaging niyang sinasabi na balang araw, pero wala e, ang tanga ko… Simple lang naman ang pangarap ko sa buhay, ang magkaroon ng

maayos na pamilya, makabili ng mga gusto paminsan-minsan, magkaroon ng bahay at lupa na hindi na rerentahan. Ngayon, isang taon na lang gragraduate na ko. Isang taon na lang. Isang taon.

--

*Sigurado ka na ba Joshua?*

Hindi…

*Anong ginagawa mo?*

Hindi ko alam.

--

Inikot namin ang bawat masikip na eskinitang nalilikha ng mga tindahan sa Quiapo. Tandang-tanda ko pa ang pangyayari. Buong ingat akong naka-akbay sa kaniya—parang isang bagay na kaunting sanggi lamang ay mababasag. Nararamdaman ko noon ang malakas na tibok ng sariling pulso, mabigat na sumasabay sa palo ng dibdib, nakikipag-unahan sa paghinga. Habang siya'y alam kong mas lalong kinakabahan. Nakikita ko ito sa kaniyang mga tingin, sa tuwing magtatama ang aming mga mata, kusa niya itong iiwas, titingin siya sa malayo, habang sumisingit-singit kami sa di maubos na mga tao, Hindi siya maglalabas ng kahit isang salita.

Pinipilit ko na lamang tuloy na magsalita. Nakatatakot kasi ang katahimikan noong panahong iyon. Pasimple kong itinatanong sa kaniya, ano bang hitsura ng hinahanap natin, pero mananahimik lamang siya, patuloy kaming sisingit sa magulong eskinita ng Quiapo, magkakandaligaw-ligaw, pero wala kaming makikita. Ang totoo, ni hindi ko man lamang alam ang hinahanap namin, sinasabi niya lamang na "yung nasa bote na mapait" at sasagot akong ano 'yun? Hanggang sa parang mainis na lamang siya, parang pigil na napapa-iyak, kukulubot ang mukha at hindi mapapakali ang nakausling labi. Aakbayan ko na lamang siya, magpapaikot-ikot na naman kami sa napakagulong Quiapo, napaka-ingay, napakarumi, hanggang sa mapagod na ang mga paa at sumilong na muna sa simbahan.

Pag-upo sa simbahan, mabilis siyang luluhod, pipikit, at matagal na mananahimik sa kaniyang sariling espasyo. Habang ako'y parang isang batang ligaw sa dayuhang lupa, hindi ako Kristiyano Romano, hindi ko alam kung ano ang ikikilos sa partikular na lugar, kaya ililibot ko na lamang ang mga mata, sa mga estatwang walang emosyon, sa paring halos kadamit ng mga santo, at mga parokyanong tila may problema lahat. Saka na naman ako babagabagin ng mga tanong, ng pagka-uyam sa sarili, hanggang sa pabigatin ng dami ng iniisip ang dibdib, at maalala na namang sumuko ng katawan. Tutulala na naman ako sa kawalan, o sa mga bagay na hindi makilala ng isip na importante, bubugbugin ang isip ng kung ano-anong mga tanong, saan kami makakabili, paano

namin gagawin, anong gagawin ko, ang tanga-tanga ko, hanggang sa hingang malalim na lamang ang maisagot sa isip, kusa akong mapapipikit at kakausapin Siya.

Pagdilat, mangiyak-ngiyak na nakatingin sa'kin ang girlfriend ko, iyon na yata ang pinakamasakit na sapak na nakuha ko, pinaiyak ko ang pinakamalapit sa'king tao. Ngingiti na lamang ako kunwari, sasabihin kong ako na ang bahala, kahit ang totoo'y hindi ko naman talaga alam ang gagawin ko. Lalabas ako ng simbahan, mangungulit ang mga tindero ng panyo na may mukha ni Nazareno, susundan ako habang naglalakad, lalayo ako ng simbahan, dahan-dahan, habang sinusundan ako ng batang kanina pa nangungulit na bumili ako ng panyo, mapatitigil ako. Hindi ko maibuka ang bibig, parang ang liit-liit ng tingin ko sa sarili, nakapa-iresponsable, walamg kwenta, hanggang sa pagitan ng mga pagtigil ay tanungin na lamang ako ng bata kung bibili ba talaga ako. Nakatingin lamang ako sa kaniya, pinipilit na gawing kalmado ang sarili, ang naninikip na dibdib, hanggang sa lumabas na lamang ang basag na boses sa bibig ko. "M-may alam ka bang bilihan ng pamparegla?" naawa na lamang ako sa sarili ng marinig ang sariling boses.

Tahimik ang bata. Pakunwaring siyang kakamot-kamot sa ulo habang malamlam ang tinig na pasusunurin ako sa kaniya. Sa gilid lamang ng simbahan, mapupunta kami sa isang karaniwang tiangge, may tindang mga langis sa malilit na bote, panyolito, anting-anting at iba pang karaniwang bagay na tinitinda sa Quiapo. Ang bata ang unang kumausap sa ale, hanggang sa tumingin ang ale sa akin, "Ikaw ba?" simpleng tanong nito, na hindi ko naman agad na masagot.

Bubugawin ng ale ang bata palayo, titingin-tingin sa paligid saka ako kauusapain. "Herbal ba o tablet?" kaswal muna nitong tanong, hindi ko alam ang isasagot, kahit kung ano man lamang bang sinasabi ng ale. Nakatulala lamang ako sa ale habang takang naghihintay ito ng sasabihin ko, nang makilalang hindi ko alam ang sinasabi niya, saka siya dumukot mula sa itinatago niyang lalagyan ng isang malaking bote na parang may tanglad at pinaghalong itim at kulay brown na likido sa loob. Katulad ng mga nasa laboratoryo ang hitsura ng bote, nakatatakot, parang mga sisidlan ng kung ano-anong nilalang—fetus, mga kuting na dalawa ulo, kung ano-ano. "Bale ipapasok mo lang 'to sa pwerta ng asawa mo…" tinutukoy ang parang tanglad sa loob ng malaking bote, patuloy pa ring nagsasalita ang ale, "tapos ipaiinom mo 'tong herbal sa kaniya, every 4 hours," tinutukoy naman ang pinaghalong itim at brown na likido sa loob ng bote. Naiisip ko noon si Apol na umiiyak sa sakit habang ipinaliliwanag ng ale ang gagawin, hindi ko kaya, mabuti sana kung sa'kin na lang gagawin, "Yung tablet po," mabilis ko na lamang na putol. "Ay mahal 'yan, dalawang klase kasi ng gamot iinumin diyan…" mahaba-haba pa ang pagpapaliwanag ng ale habang wala ako sa sariling napatitingin sa paligid.

Ang Quaipo ay Quiapo pa rin, maingay, magulo, marumi, banal. Tahimik lamang ang paligid noon, o siguro, tahimik para sa akin, habang binabagabag ng napakaraming isipin, parang isang nakatutulig na alingawngaw na lamang ang pinagsasabi ng ale, magulo ang isip na mapalilingon ako sa paligid, mararamdaman ko ang mga tingin ng mga nanay sa katabing tindahan, mararamdaman

kong pati ang mga dumadaan ay tumitingin sa akin, hindi ko maiwasang makita ang mga titig nila, parang naririnig ko na rin nang sabay-sabay ang sinasabi nila. Umaalingawngaw, napakagulo, katulad ng sabay-sabay kong naririnig bago dalawin ng antok, “Gago ka.” “Iresponsable.” “Tanga.” “Nandamay ka pa ng maraming tao.” Paulit-ulit na bubulong iyon sa tainga ko, paulit-ulit.

Hindi ko mapangalanan ang nararamdaman  noong araw na iyon, patuloy na nagsasalita ang aleng kausap ko, ipinapaliwanag ang mga dapat kong gawin, tulala akong nakikiramdam sa paligid, sa mga nanay sa kalapit na tindahan, naiisip ko si Apol na umiiyak sa loob ng simbahan ng Quiapo, ang Tatay kong pipikit-pikit na inaalis ang bula sa mga hinugasang pinggan, si Mamang kunwaring ngingiti-ngiti sa harap ng selpon, at pagkapatay ng kamera ay tutulala sa malungkot na dingding ng kaniyang apartment na mag-isang tinitirhan, patuloy na nagdaraanan ang mga tao sa madilim na paligid ng Quiapo, patuloy kong naririnig ang magulong sinasabi ng mga tao, nagising ako sa sumunod na sinabi ng ale.

“Ano kukunin mo ba?”

*Sigurado ka Joshua?*

Hindi na ako nakapagsalita.

Sabi nila, walang tiyak na numerong makapagsasabing tumatanda na ang isang tao. Ang mayroon lamang ay isang abstraktong bagay. Isang kaganapan. Kapag ang isang tao'y nagsimula nang gawin ang mga bagay na hindi niya gusto, at kapag nilimutan niya na ang ilang mga bagay, at sinimulan nang gawin pati ang mga bagay na nakasasakit sa kaniya, dito, nagsisimula nang matiyak ang reyalidad. Tumatanda na nga siya.

Tumanda na ako…

--